



Edwin M. Lee, Mayor
Philip A. Ginsburg, General Manager

Kasunduan ng Libreng Pag-aaral (Scholarship)

1. Mangyaring idayal ang *82(415) 831-2717 kung kayo ay humihiling ng mga serbisyo ng pagsasalin.
2. Upang mapanatili o maging kuwalipikado para sa hinaharap na tulong pinansiyal ang mga tumatanggap ng libreng pag-aaral (scholarship), ang sapat na pagdalo para sa bawat naka-enrol na programa (75%) ay inaasahan. Mangyaring huwag magrehistro para sa mga programa ng summer day camp sa anumang bahagi ng personal na mga bakasyon/paglalakbay.
3. Ang mga kalahok ay maaaring paurungin mula sa kanilang mga programa at hindi magiging karapat-dapat para sa hinaharap na libreng pag-aaral (scholarship) dahil sa “Hindi pagpapakita sa (mga) programa at (mga) kamping sa araw”, labis na mga pagliban (mahigit sa 25%), o 2 huling pag-urong sa loob ng aktibong taon ng libreng pag-aaral ayon sa pagpapasiya ng Scholarship Coordinator.
4. Lahat ng tumatanggap ng libreng pag-aaral (scholarship) ay dapat sumunod sa kasalukuyang polisiya ng pag-urong (withdrawal). Ang mga huling pag-urong (mas mababa sa isang linggo bago magsimula ang kurso) ay maaaring magresulta sa hindi pagiging karapat-dapat ng kalahok para sa hinaharap na tulong pinansiyal.

San Francisco Recreation and Park Department

Pagpapaubaya ng Pananagutan sa Paglahok sa Programa (Program Participation Liability Waiver)

Kinikilala ko na ang panganib ng pinsala o potensiyal na panganib sa kalusugan ay maaaring mangyari sa paglahok sa mga programang inalok ng Recreation & Park Department ng Lungsod ng San Francisco. Ako ay sumasang-ayon sa pamamagitan nito na umako ng gayong panganib ng pinsala o panganib sa kalusugan para sa aking sarili o para sa mga tao na may pananagutan ako sa batas at umaako ng buong responsibilidad bago, habang at pagkatapos ng aking/kanilang paglahok sa mga programa/aktibidad na inalok ng Recreation & Park Department ng Lungsod ng San Francisco.

Bilang pagsasaalang-alang sa pagtanggap ng aking aplikasyon at pahintulot na lumahok sa mga programang inalok ng Recreation & Park Department ng Lungsod ng San Francisco, ako, para sa aking sarili, tagapag-mana, tagapagpatupad, tagapamahala, kahalili at itinakda sa pamamagitan nito ay pinapawalan ng pananagutan, pinaubaya, at kailanman pinapalaya ang Lungsod ng San Francisco, lahat ng iba pang mga organisasyon, samahan at kompanya na may kaugnayan sa anumang mga programang inalok ng Lungsod ng San Francisco, at kanilang kinauukulang ahente, kawani, opisyal, katulong, kontratista, kinatawan, hinalal at hinirang na mga opisyal, kahalili at itinakda at mula sa lahat ng mga pag-angkin (claims), demanda, halaga ng pinsala at aksiyon anuman at gayunman na naging sanhi, mangyayari o mangyari dahilan ng aking paglahok sa mga programa o mga aktibidad o anumang kaugnay na mga aktibidad nito.

Nauunawaan at sumasang-ayon ako sa mga Tadhana na nakalista sa itaas.

Lagda: _____ I-print ang Pangalan: _____ Petsa: _____

Para sa mga tanong at alalahanin, mangyaring kontak ang Scholarship Coordinator, Lillian Bautista, sa (415) 831-2717, VP/TTY (415) 242-5700, o magpadala ng email sa Lillian.Bautista@sfgov.org.

Agosto 2014

